Bersyon ng Setyembre ng piskal na taong 2023

Saitama Prefectural Council of Social Welfare,
Social Welfare Corporation

**Mahalagang Paunawa**

Espesyal na Pautang ng Pang-emergency na Maliit na Pondo dahil sa Epekto ng COVID-19

# Tungkol sa espesyal na pautang na sakop sa exemption sa pagbabayad

## ● Sakop sa exemption sa pagbabayad sa proseso ngayon ang "Pang-emergency na maliit na pondo" at "Unang pautang ng komprehensibong pansuportang pondo" (parehong para sa nag-apply mula Abril 1, 2022) at "Pagpapatuloy ng komprehensibong pansuportang pondo"

| Uri ng pondo | Pang-emergency na maliit na pondo (Mga taong nag-apply mula Abril 1, 2022) | Unang pautang ng komprehensibong pansuportang pondo (Mga taong nag-apply mula Abril 1, 2022) | Pagpapatuloy ng komprehensibong pansuportang pondo | Muling pautang ng komprehensibong pansuportang pondo |
|---|---|---|---|---|
| Panahon para sa proseso ng exemption sa pagbabayad | Reiwa 5 (2023) | | | Reiwa 6 (2024) |

Sakop sa exemption ang pondong ito

Sunod-sunod na magbibigay ng gabay sa 2024

## ● Flowchart para makumpirma kung sakop sa exemption

Sa kasalukuyan, **puno ng sambahayan** ba sa sertipiko ng paninirahan ang taong umutang?

- **OO** → Exempted ba sa "per capita rate at income rate din" ng residence tax para sa piskal na taong 2023 ang taong umutang ?
- **HINDI** → Nasa **parehong sambahayan** ba ang kasalukuyang **puno ng sambahayan** at ang taong umutang noong nag-apply para sa utang?
  - **HINDI** → Exempted ba sa "per capita rate at income rate din" ng residence tax para sa piskal na taong 2023 ang taong umutang ?
  - **OO** → Pareho bang exempted ang taong umutang at puno ng sambahayan sa "per capita rate at income rate din" ng residence tax para sa piskal na taong 2023?

Exempted ba sa "per capita rate at income rate din" ng residence tax para sa piskal na taong 2023 ang taong umutang ?

- **OO** → Nauukol na pahina: **p. 2 at 4** — **Maaaring mag-apply para sa exemption**
- **HINDI** → Nauukol na pahina: **p. 5 at 6** — **Hindi sakop sa exemption**

Pareho bang exempted ang taong umutang at puno ng sambahayan sa "per capita rate at income rate din" ng residence tax para sa piskal na taong 2023?

- **OO** → Nauukol na pahina: **p. 3 at 4** — **Maaaring mag-apply para sa exemption**
- **HINDI** → Nauukol na pahina: **p. 5 at 6** — **Hindi sakop sa exemption**

## ● Mga nakasulat sa gabay na ito


1 Tungkol sa aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (sa mga taong sakop sa exemption) ······ p. 2-4

2 Tungkol sa pagbabayad sa hinaharap (sa mga taong hindi sakop sa exemption) ······ p. 5-6

**Tungkol sa mga kondisyon kung saan maaaring mag-apply para sa exemption ang taong hindi exempted sa buwis** ······ p. 5

3 Iba pang gabay ······ p. 7

4 Sa mga taong hindi nakakaintindi ng wikang Hapon (**For Foreigners**) ······ p. 8


**[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]**
**Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID**
**Saitama Prefectural Council of Social Welfare**
[Numero ng Telepono] 050-2018-1839 [Oras ng Pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

| 1 | Tungkol sa aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (**sa mga taong** sakop sa exemption) |
|---|---|

# Taong itinuro sa p. 2 at 4 sa resulta ng flowchart

- **Mangyaring ipaloob sa sobre para sa kasagutan ang mga kinakailangang dokumentong ① - ③, at ipadala sa koreo nang hindi lalampas sa deadline ng aplikasyon na nakasulat sa ibaba.**

| Item No. | Kinakailangang dokumento para sa aplikasyon | Puwang para sa Self-check |
|---|---|---|
| ① | **Sertipiko ng paninirahan**<br>* Mangyaring siguraduhing ipadala ang sertipiko ng paninirahan na tumutupad sa mga kondisyong nakasulat sa ibaba.<br>・Sertipiko kung saan **nakasulat ang puno ng sambahayan**<br>・Sertipiko kung saan nakasulat na "ipinagpapatibay na tunay itong kopya ng orihinal na sertipiko ng paninirahan ng lahat ng mga miyembro ng sambahayan"<br>・Sertipiko kung saan hindi nakasulat ang My Number<br>・Sertipikong inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan | ☐ |
| ② | **Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2023 (taong umutang lamang)**<br>* Parehong exempted sa per capita rate at income rate din | ☐ |
| ③ | **Application form para sa exemption sa pagbabayad**<br>* Kanang bahagi ng nakalakip na A3 form | ☐ |

*** Paunawa * Para sa nakatanggap ng higit sa isang abiso (sobre), kakailanganin ang lahat ng ①, ② at ③ para sa bawat abiso.**
**Kung sabay na gagawin ang higit sa isang aplikasyon, kailangan ang isang orihinal ng ① at ②, at maaaring seroks ang iba pa.**

## ● Tungkol sa sertipiko ng exemption sa buwis

・Tungkol sa paraan ng pagdedeklara para sa residence tax, mangyaring magtanong sa namamahala sa pagbubuwis sa tanggapan ng munisipalidad ng lugar kung saan kayo nakatira.

・Kung hindi gumawa ng pag-uulat ng kita o pag-adjust ng buwis sa katapusan ng taon, maaaring hindi maisyuhan ng sertipiko ng exemption sa buwis kapag hindi nagbigay ng ulat para sa residence tax.

## ● Deadline ng aplikasyon

Hanggang Oktubre 31, 2023 (Reiwa 5) (Martes)

*Balido ang may tatak-koreo hanggang sa araw na ito


* Mangyaring bigyan ito ng sapat na pansin dahil kung lumampas sa deadline ng aplikasyon, maaaring hindi makatanggap ng buong exemption para sa kinauukulang utang.

✓ Mangyaring ipaloob sa nakalakip na sobre para sa kasagutan ang mga sumusunod na dokumento at ipadala ito sa koreo.


① Sertipiko ng paninirahan





② Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2023




③ Application form para sa exemption sa pagbabayad



Sobre para sa kasagutan





Siguraduhing tingnan din ang p. 4

| 1 | Tungkol sa aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad (**sa mga taong** sakop sa exemption) |
|---|---|

## Taong itinuro sa p. 3 at 4 sa resulta ng flowchart

● **Mangyaring ipaloob sa sobre para sa kasagutan ang mga kinakailangang dokumentong ① - ③, at ipadala sa koreo nang hindi lalampas sa deadline ng aplikasyon na nakasulat sa ibaba.**

| Item No. | Kinakailangang dokumento para sa aplikasyon | Puwang para sa Self-check |
|---|---|---|
| ① | **Sertipiko ng paninirahan**<br>* Mangyaring siguraduhing ipadala ang sertipiko ng paninirahan na tumutupad sa mga kondisyong nakasulat sa ibaba.<br>・Sertipiko kung saan **nakasulat ang puno ng sambahayan**<br>・Sertipiko kung saan nakasulat na "ipinagpapatibay na tunay itong kopya ng orihinal na sertipiko ng paninirahan ng lahat ng mga miyembro ng sambahayan"<br>・Sertipiko kung saan hindi nakasulat ang My Number<br>・Sertipikong inisyu sa loob ng nakaraang 3 buwan | ☐ |
| ② | **Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2023 (parehong kailangan ang sa taong umutang at sa puno ng sambahayan din)**<br>* Parehong exempted sa per capita rate at income rate din | ☐ |
| ③ | **Application form para sa exemption sa pagbabayad**<br>* Kanang bahagi ng nakalakip na A3 form | ☐ |

*** Paunawa * Para sa nakatanggap ng higit sa isang abiso (sobre), kakailanganin ang lahat ng ①, ② at ③ para sa bawat abiso.**
**Kung sabay na gagawin ang higit sa isang aplikasyon, kailangan ang isang orihinal ng ① at ②, at maaaring seroks ang iba pa.**

### ● Tungkol sa sertipiko ng exemption sa buwis

・Tungkol sa paraan ng pagdedeklara para sa residence tax, mangyaring magtanong sa namamahala sa pagbubuwis sa tanggapan ng munisipalidad ng lugar kung saan kayo nakatira.

・Kung hindi gumawa ng pag-uulat ng kita o pag-adjust ng buwis sa katapusan ng taon, maaaring hindi maisyuhan ng sertipiko ng exemption sa buwis kapag hindi nagbigay ng ulat para sa residence tax.


### ● Deadline ng aplikasyon

Hanggang Oktubre 31, 2023 (Reiwa 5) (Martes)
*Balido ang may tatak-koreo hanggang sa araw na ito


* Mangyaring bigyan ito ng sapat na pansin dahil kung lumampas sa deadline ng aplikasyon, maaaring hindi makatanggap ng buong exemption para sa kinauukulang utang.

✓ Mangyaring ipaloob sa nakalakip na sobre para sa kasagutan ang mga sumusunod na dokumento at ipadala ito sa koreo.

① Sertipiko ng paninirahan





② Sertipiko ng exemption sa buwis para sa piskal na taong 2023
*** Pareho sa taong umutang at sa puno ng sambahayan din**




③ Application form para sa exemption sa pagbabayad



Sobre para sa kasagutan





Siguraduhing tingnan din ang p. 4

**Taong itinuro sa p. 2 at 4 sa resulta ng flowchart**

**Taong itinuro sa p. 3 at 4 sa resulta ng flowchart**

## ● Para sa aplikasyon, mangyaring ipadala matapos tiyakin nang mabuti ang mga sumusunod na detalye.

| Madalas na pagkukulang | |
|---|---|
| **Sertipiko ng paninirahan**<br>✕ Walang nakasulat na puno ng sambahayan<br>✕ Dokumentong mas luma sa 3 buwan<br>✕ Hindi kumpleto ang para sa lahat ng miyembro ng sambahayan | Kapag may pagkukulang tulad ng nakasulat sa kaliwa, maaaring hilingin ang muling pagsusumite at iba pa, at labis na matatagalan ang pagbibigay ng desisyon.<br>Mangyaring ipadala matapos tiyakin nang mabuti. |
| **Sertipiko ng exemption sa buwis**<br>✕ Hindi para sa piskal na taong 2023<br>✕ Pinatawan ng per capita rate / income rate ng buwis<br>✕ Walang sertipiko ng exemption sa buwis ng puno ng sambahayan<br>(Kung taong itinuro sa p. 3 at 4 sa flowchart) | |
| **Application form para sa exemption sa pagbabayad**<br>✕ Walang pirma na sariling isinulat | |

## ● Tungkol sa resulta ng pagsusuri

・Pagkatapos matanggap ang mga dokumento para sa aplikasyon, magbibigay ng desisyon kung maaari ang exemption o hindi matapos ng pagsusuri sa aming organisasyon, at sunod-sunod na ipapadala ang notipikasyon. **(Aabutin ng mga 2-3 buwan mula sa aplikasyon hanggang sa pagbibigay ng desisyon)**

・Subalit **kapag may pagkukulang sa detalyeng nakasulat, nakaligtaan / mali sa kinakailangang dokumento, hindi makukumpleto ang proseso kahit pa taong sakop sa exemption.**

・Mangyaring huwag magtanong tungkol sa indibidwal na kalagayan ng pagsusuri dahil hindi kami makakasagot sa mga ganitong katanungan.
(Mangyaring maghintay hanggang matanggap ang notipikasyon ng resulta.)

**[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]**
**Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID**
**Saitama Prefectural Council of Social Welfare**
[Numero ng Telepono] 050-2018-1839 [Oras ng Pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

| 2 | Tungkol sa paraan ng pagbabayad (**<u>sa mga taong hindi</u>** sakop sa exemption)<br>Tungkol sa mga kondisyon kung saan maaaring mag-apply para sa exemption ang taong hindi exempted sa buwis |
|---|---|

## Taong itinuro sa p. 5 at 6 sa resulta ng flowchart

Pababayarin ng pautang ang mga taong hindi sakop sa exemption. Mangyaring tingnan ang sumusunod tungkol sa paraan ng pagbabayad.

### ● Tungkol sa paraan ng pagbabayad (may 2 uri ng paraan)

**① Pagbabayad sa convenience store (payment slip) → Hindi kailangan ang proseso**

Magpapadala kami ng payment slip na para lamang dito.

**② Account transfer → <u>Kailangan ang proseso</u>**
**<u>(nakasulat ang paraan ng proseso sa susunod na pahina)</u>**

Umaabot ng mga 2-3 buwan mula sa proseso hanggang makumpleto ang pagrerehistro para sa account transfer. Kapag nakumpleto ang pagrerehistro, aabisuhan namin kayo sa pamamagitan ng notipikasyon atbp., kaya't hanggang makumpleto ang pagrerehistro, hinihiling namin na magbayad kayo gamit ang payment slip para sa pagbabayad sa convenience store.

**<u>○ Taong natapos na ang proseso para sa account transfer</u>**

⇒**Hindi kailangang** ulitin ang proseso, ngunit kung nais baguhin ang account na gagamitin sa pag-transfer, hinihiling namin na gawin ang proseso para rito. Subalit hindi maaaring baguhin ang account na gagamitin sa pag-transfer para sa bawat uri ng pondo.

⇒Halimbawa, kung humihiram ng "pagpapatuloy ng komprehensibong pansuportang pondo" at kasalukuyang nagbabayad ng "pang-emergency na maliit na pondo" o "unang pautang ng komprehensibong pansuportang pondo" sa pamamagitan ng account transfer, dahil <u>isasagawa ang pagkuha ng bayad mula sa parehong account</u>, hindi kailangan ang proseso.

**<u>○ Taong hindi alam kung nagawa ang proseso para sa account transfer sa nakaraan</u>**

⇒Mangyaring makipag-ugnayan sa mapagtatanungang nakasulat sa susunod na pahina.

### ● Tungkol sa mga kondisyon kung saan maaaring mag-apply para sa exemption ang taong hindi exempted sa buwis

**Kung naaangkop sa sumusunod na kondisyon pagkatapos ng pagsisimula ng pagbabayad, maaaring mag-apply para sa exemption.**

・Kung tumanggap ng pampublikong tulong (seikatsu hogo)

・Kung inisyuhan ng sertipiko ng mental na kapansanan (Level 1) o sertipiko ng pisikal na kapansanan (Level 1 o 2)

**<u>○ Tungkol sa daloy hanggang sa aplikasyon</u>**

(1) Hinihiling namin na makipag-ugnayan kayo sa mapagtatanungang nakasulat sa susunod na pahina.

(2) Ipapadala ng aming organisasyon ang application form para sa exemption

*** Magkaiba ang format nito sa application form para sa exemption na ipinadala sa inyo ngayon.**

(3) Mangyaring ipaloob sa nakalakip na sobre para sa kasagutan ang application form at kinakailangang dokumento, at ipadala ito sa koreo.

* Ituturo sa inyo ang tungkol sa kinakailangang dokumento sa oras ng inyong pagtatanong.

| **2** | Tungkol sa pagbabayad sa hinaharap (**<u>sa mga taong hindi</u>** sakop sa exemption) |
|---|---|

## Taong itinuro sa p. 5 at 6 sa resulta ng flowchart

● **Para sa taong nais magbayad sa pamamagitan ng account transfer, hinihiling namin na irehistro ang account na gagamitin sa pag-transfer sa alinman sa sumusunod na 2 paraan.**

### 1 Paraan ng pagrerehistro ONLINE ng account na gagamitin sa pag-transfer

・Hinihiling namin na pumunta kayo sa site na para lamang sa pagrerehistro ng account mula sa URL na nakasulat sa ibaba o sa QR code, i-enter ninyo ang mga kinakailangang item, at irehistro ang inyong account.

## <Para sa pagrerehistro ONLINE>

https://www.acctrans-reg.jp/rtex/ar/nj3XA53q/?CRC_CD=RL3N



WEB登録用

### 2 Paraan ng pagrerehistro sa kasulatan ng account na gagamitin sa pag-transfer


・Mangyaring i-print ang "Request Form para sa Deposit Account Transfer" mula sa URL na nakasulat sa ibaba o sa QR code.
・Mangyaring isulat ang mga kinakailangang bagay-bagay, at ipadala sa koreo sa address ng mapagtatanungan.
* Mangyaring siguraduhing kumuha ng seroks ng inyong sinulatan, at itabi ito bilang kopya ninyo.

## <Request form para sa pagrerehistro sa kasulatan at halimbawa ng pagsulat dito>

https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem.html



口振書・記入例




| No | 主な注意事項 |
|---|---|
| ① | どちらか一つに記入してください。<br>ゆうちょ銀行以外の金融機関 か ゆうちょ銀行 |
| ② | 届出印は「鮮明」に押印してください。<br>OK NG NG NG NG<br><br>届出印が不明の場合は、金融機関にお問合せください。 |
| ③ | 枠内から「はみ出さないよう」に記入してください。<br><br>サイタマ ハナコ / 埼玉 花子 / 1 6 6 3 0 1 2 3 4 0 / 5 6 7 8 9 0 1 |
| ④ | ６または７桁の貸付コードを記入してください。<br>複数、貸付コードがある場合、いずれか一つを記入してください。 |

**[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]**
**Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID**
**Saitama Prefectural Council of Social Welfare**
[Numero ng Telepono] 050-2018-1839 [Oras ng Pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

## 3 Iba pang gabay

### ● Hinihiling namin ang mga taong nagbago ng address, pangalan at iba pa, na ilakip ang mga kinakailangang dokumentong nakasulat sa ibaba, at isumite ang notipikasyon tungkol sa pagbabago ng pangalan atbp.

・**Listahan ng mga kinakailangang dokumento**

* Maaaring i-download ang notipikasyon tungkol sa pagbabago ng pangalan atbp. mula sa URL na nasa **Para sa aplikasyon at mga katanungan** na nakasulat sa ibaba.

| No. | Detalye ng pagbabago | Mga kinakailangang dokumento |
|---|---|---|
| 1 | Pagbabago ng address | Sertipiko ng paninirahan kung saan **nakatala ang dating address at kasalukuyang address** at nakasulat ang lahat ng miyembro ng sambahayan (sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng pag-isyu)<br>* Bagay na dapat pag-ingatan: Kung hindi magkakatuloy ang address na nilipatan, mangyaring magsumite ng rekord ng pagtanggal sa sertipiko ng paninirahan o dagdag sa rehistro ng pamilya kung saan makikita ang kasaysayan ng paglilipat hanggang sa kasalukuyang address. |
| 2 | Pagbabago ng apelyido at pagbabago ng pangalan | Sertipiko ng paninirahan kung saan nakasulat ang lahat ng miyembro ng sambahayan, o sipi mula sa rehistro ng pamilya **kung saan makikita ang apelyido at pangalan bago ng pagbabago at pagkatapos ng pagbabago** (sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng pag-isyu) |
| 3 | Pumanaw ang taong umutang | **Rekord ng pagtanggal sa sertipiko ng paninirahan o sertipikadong kopya ng pagtanggal sa rehistro ng pamilya o kopya ng sertipiko ng kamatayan**<br>(Sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng pag-isyu ang sertipiko ng paninirahan ) |

### ● Mga Madalas Itanong Q&A

Nakalagay ito sa website ng Saitama Prefectural Council of Social Welfare. (Pana-panahon itong ia-update)
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

### ● Listahan ng mga tanggapan para sa konsultasyon ng mga institusyong pangkonsultasyon at pansuporta sa kasarinlan

Tanggapan para sa konsultasyon tungkol sa mga problema sa pamumuhay sa pangkalahatan ang mga "Institusyong Pangkonsultasyon at Pansuporta sa Kasarinlan," at nakatatag ang mga ito sa buong bansa.
Kung may problema sa pamumuhay tulad ng hindi makapagtrabaho kahit gustong magtrabaho, walang matirahan at iba pa, mangyaring kumonsulta sa lokal na tanggapan para sa konsultasyon.

https://www.pref.saitama.lg.jp/a0602/jiritsushien/madoguchi.html
* Kung nakatira sa labas ng Saitama Prefecture, mangyaring magtanong sa munisipalidad o prefecture kung saan kayo nakatira.

**[Para sa Aplikasyon at mga Katanungan]**

**Saitama Prefectural Council of Social Welfare, Social Welfare Corporation**
**Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID**

[Address] 2-11-27 Kamiochiai, Chuo-ku, Saitama-shi, Saitama 338-0001
[Numero ng telepono] 050-2018-1839 [Oras ng pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

**[Kahilingan]**
- **Hindi kami direktahang tumatanggap ng mga dokumento. Mangyaring huwag personal na dalhin ang mga dokumento para sa proseso.**
- **Maaaring mahirap makakonekta sa telepono kapag kakatanggap lang ng notipikasyong ito at iba pa. Mangyaring unawain ito.**
- **Hindi namin isasauli ang mga dokumentong naisumite na ninyo. Mangyaring unawain ito.**

## 4 にほんご が わからない かた へ（For Foreigners）

**にほんご が わからない かた は、コールセンター に でんわ してください**
phone number 050-2018-1839　open/closed 平日 9:00 ~ 17:00

**For those who do not speak or read Japanese, please contact our call center.**
Tel.: 050-2018-1839  Opening hours: weekdays from 9 a.m. to 5 p.m.

**如果您不懂日语，请致电呼叫中心。**
电话号码：050-2018-1839  服务时间：工作日9:00～17:00

**일본어를 모르시는 분은 콜센터로 전화 주시기 바랍니다.**
전화번호: 050-2018-1839  접수 시간: 평일 9:00~17:00

**Caso não entenda japonês, telefone para a central de atendimento.**
Telefone: 050-2018-1839  Horário de atendimento: nos dias úteis, das 9h às 17h

**Quý vị không biết tiếng Nhật vui lòng gọi đến Tổng đài.**
Số điện thoại: 050-2018-1839  Thời gian tiếp nhận: 9:00 ~ 17:00 các ngày thường trong tuần

**Mangyari lamang na tumawag sa call center kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon.**
Telepono: 050-2018-1839  Oras ng tanggapan: 9:00 am - 5:00 pm (karaniwang araw)

**जापानी भाषा नबुझ्ने व्यक्तिले कल सेन्टरमा फोन गर्नुहोस्।**
फोन नम्बर: 050-2018-1839  खुला समय: सोमबार~शुक्रबार 9:00~17:00 (सार्वजनिक बिदाको दिन बाहेक)

**Japonca bilmiyorsanız, lütfen çağrı merkezini arayın.**
Telefon numarası: 050-2018-1839  Danışma saatleri: Hafta içi 9:00-17:00

**【Application and contact details】**

**Saitama prefectural council of Social welfare**
**Repayment and Exemption of Special Loan Section**

【Address】2-11-27 Kamiochiai, Chuo-ku, Saitama-shi, Saitama 338-0001
【Contact Number】☎**050-2018-1839**
【Reception Time】**9:00～17:00** (on weekdays)
https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

**【Notes】**
- This venue does not receive documents. Please do not carry out procedures by bringing documents here.
- Note that it may be difficult to contact the call center by phone immediately after you receive this notice.
- Note that submitted documents cannot be returned.